# MAPAGKAKATIWALAAN KO BA ANG DIYOS?

**(Sa Diyos Tayo Nagtitiwala, Ika-2 bahagi)**
**A Lord's Flock Worship Service Topic**

Ni: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Hunyo 28, 2025

Lahat tayo ay nagkakaroon ng pagsubok sa buhay na maaaring makita sa iba't ibang anyo: pansariling pakikibaka, kahirapan sa pananalapi, kalusugan o kaya natural na kalamidad. Kapag ito'y nangyari, mahirap maniwala na tutulungan tayo ng Diyos. Ngunit ipinakita sa atin ni Hesus noong tinawag niya si Simeon Pedro, na sumunod at nagtiwala sa Kanya (Lk. 5:1-11). Sa katunayan, hindi natin hawak ang bukas maliban sa Diyos (Isa. 46:10; Jer. 29:11), kaya matuto tayong magtiwala sa Kanya.




1. **Paano ginamit ni Hesus si Pedro para matupad ang Kanyang layunin?**
   Pinayagan ni Pedro ang Diyos na gamitin ang kanyang maliit na bangka upang maipahayag at maikalat ang kaharian ng Diyos. Para sa atin, ano ang ating bangka?
   **1.1** Maaaring gamitin ng Diyos ang ating buhay upang ipahayag ang Mabuting Balita. Maaari tayong maging saksi ng mga bagay na natutunan natin mula sa pakikinig ng Salita ng Diyos na nagpabago sa ating buhay.
   **1.2** Maaaring gamitin tayo ng Diyos upang ipangaral ang Mabuting Balita sa kapwa. Si Sis. Techie Rodriguez, ang ating Elder, ay pumayag na gamitin ng Diyos ang kwento ng pagbabago ng kanyang buhay saan man siya mapunta. Sinisiguro ng Diyos na tutulungan Niya tayo kung susunod at magtitiwala tayo sa Kanya.
2. **Paano tayo lalago sa pagtitiwala?**
   **2.1 Maging malapit.** Gusto ng Diyos na maging malapit tayo sa Kanya gaya ng kanyang pangako dahil…

2.1.1 Pinagpapala Niya tayo (Sir. 2).
2.1.3 Iniingatan Niya tayo (1 Ped. 5:7).
2.1.4 Ibinibigay Niya ang ating mga pangangailangan (Fil.4:19).
2.1.5 Binibigyan Niya tayo ng kapangyarihan (Jer. 1:18). Samakatuwid, ang lahat ng mga bagay ay napagtutulungan … ang lahat ng nagmamahal sa Diyos ay tinawag ayon sa Kanyang layunin (Rom.8:28).

**2.2 Sumunod.** Bitawan ang mga plano, ang ating pang-unawa, ang lahat na mayroon tayo, at kumapit sa Diyos. Responsibilidad ang ating pagsunod, at lahat ng kahihinatnan nito ay mula sa Diyos. Malaking milagro ang mangyayari sa simpleng pagsunod.

**2.3 Ihagis ang lambat sa tubig**. Inutusan ni Hesus si Pedro na ihulog ang lambat pagkatapos ng gabing wala silang huli, at nakahuli sila ng napakarami na halos masira na ang lambat (Lk. 5:4-6). Kailangan nating magtiwala sa Diyos para magkaroon ng milagro. Wala tayong kapangyarihang magkontrol, ngunit may kapangyarihan tayong isuko ang lahat (Ps. 20).

**2.4 Lumabas sa *comfort zone* at magtiwala sa Diyos.** Itinabi ni Pedro at mga kasamahan ang kanilang bangka at iniwan nila ang lahat at sumunod kay Hesus (Lk. 5:11). Sila ang unang disipulo at naging mamamalakaya ng mga tao. Lumabas tayo sa ating *comfort zone* para mailagay natin ang ating sarili sa lugar kung saan dapat tayo'y magtiwala sa Diyos. Tulad ni Sis.Techie, isinuko rin niya ang kanyang maginhawang buhay at negosyo upang sumunod kay Hesus; itinatag niya ang *Lord's Flock Catholic Community*, ang kilalang *charismatic* na pamayanan sa buong mundo.

**Konklusyon:** Hindi mahalaga kung anong estado o sitwasyon tayo naroroon; gagamitin tayo ng Diyos kapag handa na nating ihagis ang ating lambat sa tubig. Hindi kailangan lubos na naintindihan para sumunod. Kaya, "ang pinakamaliit na pagsunod at tiwala ay maaaring magresulta ng pinakamalaking pagpapala at himala."

**Pagninilay**:
1. Nahihirapan ka bang ibigay ang lahat ng iyong pagtitiwala sa Diyos? Bakit?
2. Ano ang "bangkang" maiaalay mo sa Diyos?
3. Handa ka bang maging ilaw at pain upang makapangisda para kay Kristo?

**Scribes Ministry:**
Isinalinni: Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #Pagtitiwala #Pagsunod
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/176o6w2qRE/